Programa para Mapangasiwaan ang Tirang Pintura

Bawat taon humigit-kumulang 850 milyong galon ng pang-arkitekturang pintura ang ibinebenta sa United States. Alam mo ba na humigit-kumulang 10 porsyento ang hindi nagagamit at maaaring i-recycle?

Ang mga batas sa paint stewardship ay nag-aatas sa mga industriya ng paggawa ng pintura na gumawa ng programang sustainable sa aspetong pinansyal at may pananagutan sa kalikasan para mapangasiwaan ang postconsumer (tira) na pang-arkitekturang pintura. Binuo ng mga manufacturer ng pintura ang PaintCare na isang nonprofit na organisasyon, para magsagawa ng mga programa sa paint stewardship sa mga estadong may mga naaangkop na batas.

Kasama sa programa ang edukasyon tungkol sa pagbili ng tamang dami ng pintura, mga tip para sa paggamit sa natitirang pintura, at pagtatayo ng mga madaling puntahang lokasyon ng pag-recycle sa buong estado.

Mga Produktong PaintCare

May fee ang mga produktong ito kapag binili mo ang mga ito at tinatanggap ang mga ito sa drop-off site nang walang dagdag na gastos:

- Mga pang-arkitekturang pintura para sa interior at exterior: latex, acrylic, water-based, alkyd, oil-based, enamel (kabilang ang mga may texture na coating)
- Mga coating para sa deck, mga pintura para sa sahig (kabilang ang elastomeric)
- Mga primer, sealer, undercoater
- Mga stain
- Mga shellac, lacquer, barnis, urethane (single component)
- Mga waterproofing concrete/masonry/wood sealer at repellent (hindi tar-based o bitumen-based)
- Mga coating para sa metal, pang-iwas sa kalawang
- Mga pintura para sa field at damuhan

Hindi tinatanggap sa mga drop-off site ang mga lalagyang may tulo, walang label, at walang laman.

Mga Produktong Hindi PaintCare

- Mga paint thinner, mineral spirit, solvent
- Mga aerosol coating
- Mga auto paint at marine paint
- Mga pintura para sa arts and crafts
- Caulk, mga epoxy, mga glue, mga adhesive
- Mga paint additive, colorant, tint, resin
- Mga pampreserba ng kahoy (naglalaman ng mga pesticide)
- Mga produkto para sa pagtatapal at pag-aayos ng bubong
- Mga asphalt-based, tar-based, at bitumen-based na produkto
- Mga 2-component na coating
- Mga panlinis ng deck
- Mga pintura para sa trapiko at pagmamarka ng kalsada
- Mga coating para sa Industrial Maintenance (IM)
- Mga Original Equipment Manufacturer (OEM) (inilalagay sa shop) na pintura at finish

Para sa impormasyon tungkol sa pag-recycle at wastong pagtatapon ng mga produktong hindi PaintCare, makipag-ugnayan sa iyong tagahakot ng basura, lokal na ahensya ng kalusugan kaugnay sa kapaligiran, programa para sa mapanganib na basura ng sambahayan, o departamento ng pagawaing bayan.

XX-BRTAG-0324

PaintCare®

Mag-recycle

SA PAMAMAGITAN NG **PaintCare**

Saan Ko Maaaring Dalhin ang Mga Tirang Pintura?

Mas madali ang pag-recycle ng pintura sa pamamagitan ng PaintCare. Nagtayo kami ng mga drop-off site ng pintura sa lahat ng estadong may mga batas sa paint stewardship. Para mahanap ang iyong pinakamalapit na drop-off site, gamitin ang locator ng drop-off site ng PaintCare sa www.paintcare.org o tawagan ang aming hotline sa (855) PAINT09.

Paano Mag-recycle

Tinatanggap sa mga site ng PaintCare ang lahat ng brand ng mga tirang pambahay na pintura, stain, at barnis, ang mga ito man ay kakagamit lang o ilang taon nang hindi nagagamit. Dapat ay limang galon o mas maliit ang mga lalagyan, at hindi tinatanggap ang ilang uri ng pintura. Tingnan ang likod na panel para sa listahan ng mga tinatanggap ng PaintCare.

Ang lahat ng drop-off site ng PaintCare ay tumatanggap ng hanggang limang galon ng pintura kada pagbisita. Tumatanggap ng mas marami ang ilang site. Tawagan nang maaga ang mga site para makumpirma ang mga oras ng negosyo at matiyak na kaya nilang tanggapin ang dami ng pinturang gusto mong i-recycle.

Tiyaking may takip ang lahat ng lalagyan ng pintura at nakalagay ang mga orihinal na label ng mga ito, at secure na ilagay ang mga ito sa iyong sasakyan, kung nagmamaneho. Dalhin ang mga ito sa drop-off site sa kanilang regular na business hours. Kami na ang bahala mula roon.

Ano ang Ginagawa sa Pintura?

Tinitiyak ng PaintCare na ang iyong tirang pintura ay inihahalo ulit sa na-recycle na pintura, ginagamit bilang fuel, ginagawang iba pang produkto, o wastong itinatapon kung hindi na ito mapapakinabangan.

Sino ang Maaaring Gumamit sa Programa?

Maaaring mag-drop off ang mga sambahayan ng kahit gaano karaming latex o oil-based na pintura na handang tanggapin ng drop-off site ng PaintCare.

Puwedeng mag-drop off ang mga negosyo ng gaano man karaming latex-based na pintura sa drop-off site ng PaintCare, na kaya nitong tanggapin. Bisitahin ang www.paintcare.org/business-limits para sa higit pang impormasyon.

Tumatanggap ba Kayo ng Maraming Pintura?

Kung mayroon kang ire-recycle na hindi bababa sa 100 galon ng pintura sa iyong negosyo o bahay, magtanong tungkol sa aming libreng serbisyo sa pag-pick up ng maraming pintura. Bumisita sa www.paintcare.org para sa higit pang detalye o para humiling ng pag-pick up.

Fee ng PaintCare

Ang PaintCare ay pinopondohan ng fee na binabayaran ng mga manufacturer ng pintura para sa bawat lata ng pintura na ibinebenta sa estado. Ipinapasa ng mga manufacturer ang fee sa mga retailer at pagkatapos ay idinaragdag ito ng mga retailer sa presyo ng pintura. Hinihikayat ang mga retailer na ipakita ang fee sa mga resibo ng customer. Nagkakahalaga ng 30 sentimo hanggang $2.45 ang fee at nag-iiba-iba ang presyo nito depende sa estado at laki ng lalagyan.

$0.30 – $0.65	Maliliit na lalagyan (hal., mga pint at quart)
$0.65 – $1.35	Mga katamtamang lalagyan (hal., 1 galon)
$1.50 – $2.45	Mas malalaking size na hanggang 5 galon

Hindi Deposito

Hindi deposito ang fee—bahagi ito ng presyo ng pagbili. Ginagamit ang fee para pondohan ang mga gastusin sa pagpapatakbo sa programa, kabilang ang pag-recycle, pagbibigay-kaalaman sa publiko, tauhan, at iba pang bayarin.

Makipag-ugnayan sa Amin

Para matuto pa o maghanap ng drop-off site, bumisita sa www.paintcare.org o tumawag sa (855) PAINT09.